4

# MAPEH

## (ARTS)

## Unang Markahan- Modyul 1

## Linggo 1: Mga Katutubong Disenyo sa Kultural na Pamayanan sa Luzon, Visayas, at Mindanao

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para malinang sa mag-aaral ang kanilang kakayahan. Nakikilala ang kahalagahan na mg kultural na pamayanan sa Luzon, Visayas, at Mindanao.

Nailalarawan ang iba’t-ibang kultural na pamayanan sa Luzon, Visayas, at Mindanao ayon sa uri ng kanilang pananamit, palamuti sa katawan at kaugalian, pamumuhay.

Nakalilikha ng dibuho o likhang sining na ginagamitan ng mga disenyon sa Luzon, Visayas, at Mindanao.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong aralin:

- Aralin 1.1- Mga Disenyo sa Kulturang Pamayanan sa Luzon
- Aralin 1.2- Mga Disenyo sa Kulturang Pamayanan sa Visayas
- Aralin 1.3- Mga Disenyo sa Kulturang Pamayanan sa Mindanao

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat Gawain.
- Sagutin ang lahat ng mga tanong.

## *Subukin*

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa disenyong tumutukoy sa paggawa ng iba't ibang disenyo na hango sa kalikasan o kapaligiran.
   A. Katutubong paglililok C. Katutubong disenyo
   B. Katutubong pagpipinta D. Katutubong sayaw

2. Ang mga pangkat etnikong Gaddang ay naninirahan sa anong lugar sa Luzon?
   A. Batangas C. Caloocan
   B. Pangasinan D. Nueva Viscaya

3. Alin sa sumusunod ang hindi pangkat etniko ng Pilipinas?
   A. T'boli C. Gaddang
   B. Yakan D. Hapon

4. Alin sa sumusunod ang hindi pangkat etniko ng Pilipinas?
   A. Instik C. Ati
   B. Tiboli D. Yakan

5. Alin sa sumusunod ang hindi pinagkukunan ng kabuhayan ng grupong Ati?
   A. Handicrafts C. Herbal medicine
   B. Pangingisda D. Bit coin trading

6. Kung kayo ay naninirahan sa mga kultural na pamayanan, paano mo pahahalagahan ang mga katutubong sining o disenyo na mayroon dito?
   A. Magsuot ng damit galing sa ibang bansa.
   B. Itago sa aparador ang mga damit na may katutubong disenyo.
   C. Ipagmalaki at tangkilikin ang kasuotan na may katutubong dise
   D. Isuot ang damit na may katutubong disenyo kung magsisimba lamang.

7. Ano ang tawag sa katutubong disenyo kung saan nakilala ang mga Maranao?
   - A. Abstract
   - B. Realism
   - C. Sarimanok
   - D. Photorealism
8. Ang mga pangkat etnikong Maranao ay karamihang naninirahan sa anong lugar sa Mindanao?
   - A. Valencia City
   - B. Davao City
   - C. 2 tuan City
   - D. Marawi City
9. Alin sa sumusunod ang hindi pangkat etniko ng Pilipinas?
   - A. Indiano
   - B. Tiboli
   - C. Maranao
   - D. Badjao
10. Ano ang ibig sabihin ng salitang Maranao?
    - A. Lawa
    - B. Talampas
    - C. Ilog
    - D. Karagatan


# Aralin 1.1 Mga Katutubong Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Luzon

### *Balikan*

Ano-ano ang mga halimbawa ng kultural na pamayanan sa Luzon?

### *Tuklasin*

**Panuto:** Basahin at unawain ng mabuti ang mga sumusunod na mga tanong. Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1.  Source LM 14 | A. Disenyong Ifugao |
| 2.  Source LM 145 | B. Disenyong Kalinga |
| 3.  Source LM p 145 | C. Disenyong Gaddang |
| | D. Kalinga |
| 4 Sila ay makikita sa Hilagang Luzon | E. Ifugao |
| 5 Sila ay kilala at bantog sa paghahabi ng tela | F. Gaddang |

## *Suriin*

Ang mga pangkat etniko mula sa Hilagang Luzon ay may kani-kaniyang katutubong sining na nagtataglay ng iba't ibang linya, hugis, at kulay. Ito ay ginagamitan ng paulit-ulit na disenyo na higit nilang napaunlad at napagyaman sa kanilang kultural na pamayanan.

Ang mga Ifugao ay naninirahan sa Hilagang Luzon. Makikita ang mga disenyo na kanilang nilikha mula sa kanilang kasuotan at kagamitan tulad ng araw, kidlat, isda, ahas, butiki, puno, at aso.



Source LM pahina 145


Ang Gaddang naman sa Nueva Viscaya ay kilala at bantog sa paghahabi ng tela. Ang mga manghahabing Gaddang ay gumagamit ng tradisyunal na hakbang sa paghahabi na may mabusising paglalagay ng mga palamuti gaya ng plastic beads at bato. Ilan sa kanilang mga produktong ipinagmamalaki ay ang bakwat (belt), aken (skirt), at abag (G-string) na gawa sa mga mamahalin at maliliit na bato.



Source LM pahina 145

Makukulay ang pananamit ng mga Kalinga na matatagpuan sa pinakahilagang bahagi ng Luzon. Napakahalaga sa kanila ang mga


palamuti sa katawan na nagpapakilala sa kanilang katayuan sa lipunan. Madalas gamitin ng mga Kalinga ang kulay na pula, dilaw, berde, at itim.



Source LM pahina 145

Mga Tanong:

1. Sila ba ay mahihilig sa makukulay na pananamit at palamuti sa katawan?
2. Ano-ano ang tatlong disenyo ng pagguhit na ginagamit ng pangkat etniko sa Luzon?




## *Pagyamanin*

**Panuto:** Pansinin at tingnan ng mabuti ang mga larawan. Gumuhit ng mga bahagi ng katawan na kasya sa iba't ibang katutubong damit sa Luzon.

**"Idress Mo Ako"**




https://www.carousell.ph/p/ifugao-costume-246229354/




https://www.carousell.ph/p/kalinga-national-costume-206268775/




https://www.michaelbackmanltd.com/archived_objects/gaddang-mans-clothing-set-luxon-philippines/

## *Isaisip*

Basahin:

Ang mga disenyong kultural ng pamayanan sa Luzon ay isa sa mga pamana ng sining sa ating bansa. Kaakit-akit at kanais-nais sa paningin ang kanilang mga likhang disenyo na ginagamitan ng iba't ibang linya, hugis, at kulay. Ilan sa mga ito ay ang mga inukit o nililok na kahoy at mga damit na may iba't ibang burda. Karamihan ng kanilang mga ginawang disenyo ay hango sa kalikasan o maging sa kapaligiran tulad ng

## *Isagawa*

**Kagamitan:**

Mga bagay na karton gaya ng baso o mga

Platong karton (paper plate) lapis, at krayola

***Panuto:***

1. Kumuha ng isang karton o iba pang bagay na mayroon sa inyong lugar na maaaring gamitin para guhitan ng mga disenyo.
2. Mag-isip ng disenyo mula sa mga kultural na pamayanan ng Luzon tulad ng Ifugao, Gaddang, at Kalinga.
3. Iguhit ang napiling disenyo sa karton o platong karton gamit ang lapis. Maaari ring gumamit o umisip ng sariling disenyo gamit ang mga hugis, kulay, linya, at ang prinsipyong paulit-ulit.
4. Kulayan at punuin ang mga espasyo ng mga disenyo ang inyong iginuhit, at sundan ito ng krayola para lalong maging kaakit-akit ang iyong likhang-sining.

## *Tayahin*

**Panuto A:** Basahin at unawain ng mabuti ang mga tanong isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga pangkat etnikong matatagpuan sa Nueva Viscaya ay tinatawag na _______?

A. Manobo  C. Gaddang

B. T'boli  D. Tausug

2. Ito ay ang paggawa ng iba't ibang disenyo na hango sa kalikasan o kapaligiran. Anong uri ng disenyo ito?

A. Katutubong damit  C. Katutubong disenyo


B. Katutubong pagkain  D. Katutubong sayaw

3. Alin sa sumusunod ang pangkat etniko ng Luzon?

A. T'boli  C. Gaddang

C. Yakan  D. Higaonon

4. Pansinin ang mga hugis ng disenyong etniko ng mga Ifugao sa ibaba. Ano-anong mga hugis ang naglalarawan nito?



Source LM pahina 145

A. araw, butiki, ibon
B. damo, dahon, sanga
C. kalabaw, baka, kabayo
D. simbahan, bahay, sasakyan

5. Paano mo maipagmamalaki ang mga kasuotan na nagmula pa sa ating mga ninuno?

A. Pagtatago nito
B. Pagpapalamuti
C. pagsusuot nito sa paaralan
**D.** Pasusuot nito na may pagmamalaki


# Aralin 1.2 Mga Katutubong Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Visayas

***Balikan***

Ano-ano ang mga pinakakilalang produkto ng pangkat etniko sa Visayas?

## *Tuklasin*

**Panuto:** Basahin at unawain ng mabuti ang mga sumusunod na mga tanong, pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.  https://images.gmanews.tv/v3/webpics/v3/2014/11/2014_11_05_10_30_49.jpg | A.Produktong galing Guimaras |
| 2.  https://en.wikipedia.org/wiki/File:Boholano_delicacy_Kalamay.png | B. Produktong galing Cebu |
| 3.  | C. Produktong galing Bohol |
| | D. Bohol |
| 4. Dito matatagpuan ang pinaka malaking bilang ng grupong Ati | E. Iloilo |
| 5. Dito makikita ang bantog na Chocolate hills. | F. Cebu |

## *Suriin*

Ang mga pangkat etnikong Ati ay madalas matatagpuan sa Western at Central Visayas ngunit ang pinaka malaking populasyon nila ay naninirahan sa Iloilo at ang iilan ay sa Aklan, Capiz, Antique, Guimaras at Negros.

Ang pangkat etnikong Ati ay nakilala sa pamamagitan ng kanilang masaganang pamumuhay at pagtatanim ng Tobacco kung saan ito ay kanilang ipinagbabarter o ipinagpapalit sa produkto ng kalapit na lungsod.

Ang iba pa nilang pangkabuhayan ay pangangaso, pangingisda, handicrafts, at bow-and-arrow making.

**Tanong:**

1. **Ano ang mga produktong itinatanim ng pangkat etniko sa Visayas?**

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Gumawa ka ng iba pang mga produkto mula sa kilalang produkto ng taga Visayas. Isulat din sa sagutang papel ang mga simpleng sangkap at hakbang sa kahon. Sundan ang halimbawa sa ibaba.

Halimbawa:

**"Partner Tayo"**

Mula sa Mangga



**Mango Float**
**Hakbang sa paggawa**

1. Ihanda ang mga sankap gaya ng manga, Nestle Cream at Condense milk.
2. Hiwain ng manipis ang manga.
3. Haluin ng sabay sa iisang lalagyan ang nestle cream at condense milk.
   Ihanay ng maayos ang Graham biscuits sa iisang lalagyan.
4. Alternate ang paglagay ng cream, manga, at buscuits.
5. Lagyan ng powdered graham sa huling layer.
6. Palamigin



https://en.wikipedia.org/wiki/File:Boholano_delicacy_Kalamay.png

**Kalamay**

## *Isaisip*

Basahin:

Ang mga produktong kultural ng pamayanan sa Visayas ay isa sa mga natatanging produkto sa ating bansa. Isa ito sa pinagkukunan ng pangkabuhayan ng ating mga pangkat etniko kung saan ay patuloy parin na pinapakinabangan ng iba't ibang negosyante.

Ang ating bansa ay punong-puno ng magagandang likha. Ang mga ito ay nagtataglay ng mga elemento ng sining tulad ng linya, hugis, kulay, at may prinsipyong paulit-ulit.

Ang likas na kagandahang ito ng kapaligiran ay nagsisilbing

## *Isagawa*

**Kagamitan:**

Mga bagay na karton gaya ng baso o mga

Platong karton (paper plate) lapis, at krayola

***Panuto:***

1. Kumuha ng isang karton o iba pang bagay na mayroon sa inyong lugar na maaaring gamitin para guhitan ng mga disenyo.
2. Mag-isip ng produktong mula sa mga kultural na pamayanan ng Visayas.
3. Iguhit ang napiling disenyo sa karton o platong karton gamit ang lapis. Maaari ring gumawa ng sariling disenyo gamit ang mga hugis, kulay, linya, at ang prinsipyong paulit-ulit.
4. Kulayan at punuin ang mga espasyo ng mga disenyo ang inyong iginuhit, at sundan ito ng krayola para lalong maging kaakit-akit ang iyong likhang-sining.

## *Tayahin*

**Panuto :** Basahin at unawain ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga pangkat etnikong matatagpuan sa Iloilo ay tinatawag na ____?

A. Manobo C. Gaddang

B. T'boli D. Ati

2. Ano ang pinakapinagkukunan ng kabuhayan ng pangkat etniko ng Visayas?

A. Pagtatanim ng Mansanas C. Pagtatanim ng Pinya

B. Pagtatanim ng Saging D. Pagtatanim ng Tobacco

3. Kung kayo ay naninirahan sa mga kultural na pamayanan, paano mo pahahalagahan ang mga katutubong sining o disenyo na mayroon dito?

   A. Magsuot ng damit galing sa ibang bansa.

   B. Itago sa aparador ang mga damit na may katutubong disenyo.

   C. Ipagmalaki at tangkilikin ang kasuotan na may katutubong disenyo.

   D. Isuot ang damit na may katutubong disenyo kung magsisimba lamang.

4. Alin sa sumusunod ang hindi pinagkukunan ng kabuhayan ng grupong Ati?

   A. Handicrafts  C. Herbal medicine

   B. Pangingisda  D. Bitcoin trading

5. Ang mga pangkat etnikong Ati ay karamihang naninirahan sa anong lugar sa Visayas?

   A. Cebu  C. Bohol

   B. Iloilo  D. Leyte

# Aralin 1.3 Mga Katutubong Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Mindanao

## *Balikan*

Ano-ano kaya ang halimbawa ng kultural na pamayanan sa Mindanao?

## *Tuklasin*

**Panuto:** Basahin at unawain ng mabuti ang mga sumusunod na mga tanong. Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B at Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.  | A. Disenyong Maranao |

2. 

B. DisenyongHigaonon

3. 

C. Disenyong T’boli

D. Higaonon Marawi City.

4. Sila ay makikita sa

E. T’boli

5. Sila ay makikita sa Bukidnon .

F. Maranao damit.

## *Suriin*

Ang mga pangkat etniko mula sa Mindanao ay may kani-kaniyang katutubong sining na nagtataglay ng iba’t ibang klaseng disenyo sa paggawa ng mga bagay-bagay tulad ng damit, musika, at pagpipinta.

Ang mga Maranao ay naninirahan sa Marawi City at nakilala sa kanilang taglay na disenyong pagpinta ng Sarimanok. Ang salitang Maranao ay hango sa salitang lawa na ang ibig sabihin ay mga taong naninirahan sa palibot ng lawa.



https://www.pinterest.ph/pin/20688479508574903/

Ang Higaonon naman mula sa Bukidnon ay may natatanging desinyong sining sa pagtugtog ng mga instrumento na sila mismo ang gumawa. Ang kanilang mga damit ay may iba't ibang disenyong naka-aakit sa mata na mapapansin mo kaagad dahil sa magagandang kulay, linya, at disenyo nito.



https://www.pinterest.ph/pin/456763587186566496/

Kilala naman sa makukulay na paghahabi ang disenyong sining ang mga T'boli na matatagpuan sa South Cotabato. Mahilig din sila sa paggawa ng makikinang at makukulay na alahas tulad ng earrings, bracelet, at beadwork.



http://tboli.globalmatters.com/prod01.htm

Ang mga pangkat etniko mula sa Mindanao ay may kanya-kanyang katutubong sining nagtataglay.

Ano-ano ang mga ito?

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Subukang iguhit ang bagay na nasa kahon gamit ang lapis at makukulay na kagamitan sa iyong sagutan o malinis na papel. Pumili lang ng isa.

"Gayahin mo ako"







## *Isaisip*

Ang mga disenyo sa kultural na pamayanan sa Mindanao ay makikita sa kanilang mga kagamitan at kasuotan na ginagamitan ng iba't ibang linya, kulay, at hugis.

Ang mga ito ay hango sa kalikasan at sa kapaligiran tulad ng hayop,dahon, bundok, araw, at bituin.

## *Isagawa*

**Gumawa ng simpleng disenyo mula sa pangkat-etniko ng Mindanao**.

**Kagamitan:** Cotton buds, chlorine, colored construction paper o makukulay na papel

***Panuto:***

1. Ihanda ang mga kagamitang gagamitin.
2. Mag-isip ng disenyo ng mga kultural na pamayanan sa Mindanao tulad ng Maranao, Higaonon, at T`boli. Maaari ring gumamit ng sariling disenyo na ginagamitan ng iba't ibang hugis, kulay, at linya.
3. Isawsaw ang cottonbuds sa chlorine. Marahan itong ipahid sa colored construction paper. (Paalala: Kailangan ang pagsubaybay ng magulang sa gawaing ito upang maiwasan ang disgrasya sa paggamit ng chlorine).
4. Maingat na ipahid ang chlorine sa construction paper upang hindi ito mapunit.
5. Patuyuin muna nang ilang minuto ang ginawang likhang sining.

## *Tayahin*

**Test 1**

**Panuto: Basahin at unawain ng mabuti ang mga sumusunod na mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.**

1. Ang mga pangkat etnikong matatagpuan sa Marawi City ay tinatawag na _______?
   A. Manobo C. Gaddang
   B. T'boli D. Maranao
2. Ito ay ang grupo ng katutubong etniko na naninirahan sa Bukidnon?
   A. Higaonon C. Gaddang
   B. T'boli D. Maranao
3. Alin sa sumusunod ang pangkat etniko na nakatira malapit sa lawa?
   A. Manobo C. Maranao
   B. T'boli D. Badjao
4. Ang katutubong etniko na ito ay mahilig sa paghahabi ng makukulay na tela?
   A. Manobo C. Maranao
   B. T'boli D. Badjao
5. Paano mo maipagmamalaki ang mga kasuotan na nagmula pa sa ating mga ninuno?
   A. Pagtatago nito
   B. Pagpapalamuti
   C. Pagssuot nito sa paaralan
   D. Pasusuot nito na may pagmamalaki

**Test II**

**Panuto: Basahin at unawain ng mabuti ang mga sumusunod na mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.**

1. Ang mga pangkat etnikong matatagpuan sa Nueva Viscaya ay tinatawag na _______?

   A. Manobo C. Gaddang

   B. T'boli D. Tausug

2. Ito ay ang paggawa ng iba't ibang disenyo na hango sa kalikasan o kapaligiran. Anong uri ng disenyo ito?

   A. Katutubong damit C. Katutubong disenyo

   B. Katutubong pagkain D. Katutubong sayaw

3. Alin sa sumusunod ang pangkat etniko ng Luzon?

   A. T'boli C. Gaddang

   D. Yakan D. Higaonon

4. Kung kayo ay naninirahan sa mga kultural na pamayanan, paano mo pahahalagahan ang mga katutubong sining o disenyo na mayroon dito?

   A. Magsuot ng damit galing sa ibang bansa.

   B. Itago sa aparador ang mga damit na may katutubong disenyo.

   C. Ipagmalaki at tangkilikin ang kasuotan na may katutubong disenyo.

   D. Isuot ang damit na may katutubong disenyo kung magsisimba lamang.

5. Alin sa sumusunod ang hindi pinagkukunan ng kabuhayan ng grupong Ati?

   A. Handicrafts C. Herbal medicine

   B. Pangingisda D. Bitcoin trading

6. Ang mga pangkat etnikong Ati ay karamihang naninirahan sa anong lugar sa Visayas?

A. Cebu
B. Iloilo
C. Bohol
D. Leyte

7. Ito ay ang grupo ng katutubong etniko na naninirahan sa Bukidnon?

A. Higaonon
B. T'boli
C. Gaddang
D. Maranao

8. Alin sa sumusunod ang pangkat etniko na nakatira malapit sa lawa?

A. Manobo
B. T'boli
C. Maranao
D. Badjao

9. Ang katutubong etniko na ito ay mahilig sa paghahabi ng makukulay na tela?

A. Manobo
B. T'boli
C. Maranao
D. Badjao

10. Paano mo maipagmamalaki ang mga kasuotan na nagmula pa sa ating mga ninuno?

A. Pagtatago nito
B. Pagpapalamuti
C. Pagsusuot nito sa paaralan
D. Pasusuot nito na may pagmamalaki

## *Karagdagang Gawain*

Maghanap ng mga larawan ng mga pangkat-etniko sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Gupitin ang mga ito at idikit sa isang malinis na papel.

## *Answers Key*

# ARALIN 1.1 MGA KATUTUBONG DISENYO SA KULTURAL NA PAMAYANAN NG LUZON

**Subukin**

1. C
2. D
3. D
4. A
5. D
6. C
7. C
8. D
9. A
10. A

**Tuklasin**

1. B
2. A
3. C
4. E
5. F
6. D

**Tayahin**

A. 1. C
2. D
3. B
4. D
5. A

B. 1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama

**Tuklasin**

1. B
2. A
3. C
4. E
5. F
6. D

## ARALIN 1.2 MGA KATUTUBONG DISENYO SA KULTURAL NA PAMAYANAN NG VISAYAS

**Tuklasin**

1. B
2. C
3. A
4. E
5. D
6. F

**Tayahin**

A.
1. D
2. D
3. A
4. A
5. D

B.
1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Mali
5. Mali

**Tuklasin**

1. B
2. C
3. A
4. E
5. D
6. F

## ARALIN 1.3 MGA KATUTUBONG DISENYO SA KULTURAL NA PAMAYANAN NG MINDANAO

**Tuklasin**

1. A
2. C
3. B
4. F
5. D
6. E

**Tuklasin**

7. B
8. A
9. C
10. E
11. F
12. D

**Tayahin**

A. 1. D
2. A
3. C
4. B
5. D

B. 1. Mali
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama